



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2020-0021
Title	Accreditation of Health Care Providers for PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package

Tanong	Sagot
Ano ang kaibahan ng ePCB package sa PhilHealth Konsulta Package?	<p>Ang Konsulta Package ay pinalawak na primary care package o PCB Package. May mga dagdag na eksaminasyon na wala sa expanded primary care benefit o ePCB package.</p> <p>Ang ePCB ay para sa indigent, sponsored at senior citizens na miyembro ng PhilHealth lamang. Samantala, ang PhilHealth Konsulta Package ay maaaring magamit ng lahat ng Filipino.</p>
Anu-anong mga pasilidad ang maaaring ma-accredit bilang “Konsulta provider”?	<p>Ang mga sumusunod na pasilidad ay maaring ma-accredit bilang konsulta provider kung sila ay pumapayag na magbigay ng mga kailangang serbisyo at makakasunod sa mga alituntunin ng PhilHealth:</p> <ul style="list-style-type: none"> Health centers o rural health units (RHU) Mga pribadong klinika “out patient section” ng infirmary at mga ospital Iba pang mga pasilidad na kasalukuyang binibigyan ng accreditation ng PhilHealth
Kung ang isang pasilidad ay dating accredited para sa PCB o ePCB, kailangan pa ba niyang mag-apply para ma-accredit na Konsulta provider?	Lahat ng gustong ma-accredit bilang isang Konsulta provider ay kailangan mag-apply at magsumite ng mga kinakailangang dokumento.
Ano ang kaibahan ng proseso sa accreditation kung may DOH LTO na ang isang pasilidad at sa wala pa?	<p>Ang isang pasilidad na may lisensya mula sa DOH bilang “primary care facility” ay hindi na kailangang ipre-accreditation survey ng PhilHealth sapagkat ito ay naka-comply na sa minimum requirements. Kailangan lamang niyang magsumite ng iba pang mga dokumento.</p> <p>Ang mga ospital na lisensyado ng DOH bilang level 1 hanggang level 3 na ospital ay hindi na rin kailangan ma-survey.</p>
Kailangan pa bang ma-survey ng PhilHealth ang MCP provider na may lisensya bilang birthing home kung mag-apply ito bilang Konsulta Provider?	<p>Oo. Ang lisensya ng isang birthing home ay nagpapatunay na kaya nitong magpaanak sa pasilidad.</p> <p>Ang serbisyonang ito ay iba pa sa mga serbisyonang nakapaloob sa primary care accreditation.</p>

[Handwritten signature and date: 12/21]

